LIBRARY
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN, QUEZON CITY
JAN 2 2

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Naidaos ng diktadurang US-Marcos ang isang "eleksyong" hinihingi ng imperyalismong US bilang patunay ng kakayahang patuloy na maghari ng rehimen.

Pero walang mapapawi sa maiigting na kontradiksyong humahati sa lipunang Pilipino, at lalo lamang titindi ang krisis sa ekonomya't pulitika ng bansa sa loob ng darating na panahon.

Mas malalaking tungkulin ang kinakaharap ng pambansa-demokratikong pwersa, kilusang boykot at buong antidiktadurang prente matapos ang mapanlinlang na eleksyon noong Mayo 14. (p. 3)

MAYO 1984

NILALAMAN

Editoryal 2
Engrandeng pakana, desperadong maniobra 3
Opensiba ng BHB 7
Agresyon ng US 8
Kilusan sa pambansang pagpapalaya 12
Kasaysayan ng isang pakanang impiltrasyon 15
Balita 17
Internasyonal 18
Sulat 19

## Ang uring manggagawa at ang 'katatagan' ng rehimen

Tapos na ang magarbong palabas na "eleksyon" para sa Batasang Pambansa ng diktadurang US-Marcos, at minsan pa'y itinatambol ang katatagan diumano ng paghahari nito.

May bago bang solusyon sa krisis ng bayan? Di pa man natatapos ang bilangan ay iniutos na ni Marcos na taasan ang presyo ng gasolina. Sunud-sunod na ang mga hakbang na ipapataw para ituwid daw ang peligrosong paggiwang ng pambansang ekonomya. Paramihin ang mga eksport, limitahan ang mga import, higpitan ang pagpapautang, palakihin ang pasok ng pera sa gubyerno--ilan ito sa ginagawa na't gagawin pa, sa kutsabahan ng rehimen at mga imperyalistang usurero, para muling makapangutang ang Pilipinas mula sa dayuhan. Ang praktikal na resulta'y ang lalo pang pagsubsob ng manggagawa sa makina sa paghahabol ng mataas na kota... pagsasara ng mga pabrika't negosyo dahil matumal ang benta at walang pumapasok na matiryales sa produksyon... pagtaas ng sinisingil sa kuryente, patubig sa bukirin, lisensya, sarisaring buwis... pagmahal ng abono, pagkain, matrikula, gatas ng bata....#

Ang mga problemang ito'y mananatili at lalala hangga't di napapalaya mula sa kontrol ng mga imperyalista ng US ang ekonomyang nakatuon sa pag-eksport ng kailangan nilang hilaw na matiryales. Kayat ang mga "remedyo" ng rehimen at mga imperyalista ay hindi pwedeng lumutas sa krisis, sapagkat ang mga iyon mismo ang pinagmumulan nito.


Tulad ng dati, ang uring manggagawa ang hinahagupit ng ibayong pagsasamantala kaysa anumang ibang uri sa lipunan. Habang sa bawat minuto ng pagtatrabaho nila'y palaki nang palaki ang ganansyang nakukuha ng kapitalista--laluna sa mga empresang imperyalista't kumprador--lumiliit naman ang tunay nilang sahod, at laging hindi makahabol sa pagtaas ng presyo ng bilihin.

Pero tumitibay ang determinasyon ng masang manggagawa na isulong ang pakikibaka para sa kanilang mga karapatang pang-ekonomya, pang-unyon at pampulitika, kahit pa sinasalubong sila ng dahas ng estado sa piketlayn at martsa. Ang di bababa sa 65 welgang naiulat noong unang tatlong buwan ng 1984 ay mas marami kaysa karaniwang bilang sa loob ng kahambing na panahon sa nakaraan. Malaki't militante ang partisipasyon ng mga manggagawa sa mga antidiktadurang aksyong masa ng nakaraang mga buwan. At taglay ng rali nila nitong nakaraang Mayo 1 ang taginting ng mga panawagan, matipunong lakas, at kapit-bisig na pagkakaisa na titiyak sa buong-loob na pagsulong sa darating na mga araw at buwan.

Mabilis na nahihinog ang mga kalagayan para paunlarin ang mga koordinadong welga--ang porma ng aksyong mas mabisa kaysa nagsosolong welga para ipagtanggol ang mga karapatang obrero laban sa pinagsamang atake ng diktadura't mga kapitalista. Sa maraming lugar, lumalampas ang mga manggagawa sa balangkas ng mga dilawang pederasyon at dumidiretso sa kapwa manggagawa sa lokalidad at linya ng industriya. Nag-iinisyatiba silang magtulungan sa paglulunsad ng welga at ibang porma ng pakikibaka. Minomobilisa nila ang komunidad sa paligid para umayuda sa mga welgista. Habang binabasag ang kontrol ng mga dilawan sa kilusang unyon, pinapalakas naman nila ang mga progresibo't militanteng pederasyon at alyansang manggagawa.

Wala talagang magagawa kundi lumaban, at lumaban nang mas mahusay. Subalit ang paglaban ng manggagawa ay hindi limitado sa pabrika. Mabilis nating mulatin ang pinakamarami sa rebolusyonaryong papel ng kanilang uri, at sanayin silang mamuno sa mga pagkilos ng mamamayan. Marami, laluna ang mga unyonistang natanggal sa trabaho, ang maaaring magpultaym sa kilusang lihim sa mga syudad at kalunsuran, o kaya'y bumalik sa baryo o probinsyang pinanggalingan upang tuwirang lumahok sa armadong pakikibaka.


Hungkag ang "katatagang" ipinamamarali ng rehimen. Kung gaano ito karupok ay pinatutunayan ng manggagawang Pilipino at iba pang mulat na mamamayan.






# Eleksyon: Engrandeng pakana, desperadong maniobra

Noong Mayo 14, umabot sa rurok ang maigting na labanang pampulitika sa isyu ng "eleksyon," isang labanan na muling magpapatuloy at aabot sa kasukdulan sa mas matinding paraan.



Noong araw na iyon, ilang milyong mamamayan sa buong bayan ang nagpahayag ng kanilang paninindigang itakwil ang pasistang diktadura, di sa pamamagitan ng paglahok sa huwad na eleksyon kundi sa pamamagitan ng mga militanteng paraan ng paglaban.

Gayunman, mas marami pa rin ang bumoto sa pinakaenggrandeng palabas ng pangkating US-Marcos sa kasaysayan ng paghahari nito. Kahit sawang-sawa na ang taumbayan sa mga huwad na eleksyon, bumoto pa rin ang marami sa paniniwalang maipapamukha nito ang kanilang pagtutol sa rehimen, habang ang iba'y napilitan lamang dahil sa pasistang pananakot.

Tulad ng inaasahan, garapalan at malawakang pandaraya't terorismo ang tanging naging pamamaraan ng pangkating US-Marcos para masiguro ang "panalo" ng mga kandidato ng Kilusang Bagong Lipunan (KBL) sa harap ng malakas na daluyong ng sentimyentong antidiktadura. Palibhasa'y laganap at matindi ang militarisasyon, madaling nagawa ang gusto ng rehimen, lalo na sa liblib na mga lugar. Habang sinusulat ito, hindi pa rin matapus-tapos ang pandaraya ng rehimen, at dumadami ang bilang ng patay kaugnay ng pagpoprotesta ng taumbayan sa mga salamangka sa bilangan.

Ngunit sa lugar na malakas ang oposisyon, at lalo sa mga sentrong lunsod, nanaig ang pangangailangang gawing kapani-paniwala ang botohan, upang "maalisan ng kamandag" ang malakas na kilusang boykot--na nagharap ng tuwirang hamon di lang sa planong "eleksyon" kundi sa mismong pag-iral ng papet na pasistang diktadura. Kayat napilitan ang pangkating Marcos na sundin ang dikta ng mga imperyalismong amo nito na rendahan ang mga pandaraya't terorismo, at gumawa ng ilang pagbabago sa mapanggipit na mga patakaran (halimbawa, tinanggal ang <u>block voting</u> o botohang por-partido) na dati'y epektibong bumabara sa oposisyon. Bunga nito--sa kauna-unahang pagkakataon mula 1972--marami-raming oposisyonista ang nanalo noong Mayo 14, batay sa di upisyal at di kumpletong bilangan. Ang masidhing galit ng taumbayan sa diktadura ay nagdala sa kanila sa tagumpay na higit kaysa pinaghandaan ni Marcos, at maaaring ng mismong mga oposisyonista.

## Konteksto ng Mayo 14

Idinaos ang kampanya sa gitna ng pinakamaigting na krisis pampulitika at

ANG Bayan Taon 16 Bilang 3 Mayo 1984





## Eleksyon:

# Engrandeng pakana, desperadong maniobra

Noong Mayo 14, umabot sa rurok ang maigting na labanang pampulitika sa isyu ng "eleksyon," isang labanan na muling magpapatuloy at aabot sa kasukdulan sa mas matinding paraan.



Noong araw na iyon, ilang milyong mamamayan sa buong bayan ang nagpahayag ng kanilang paninindigang itakwil ang pasistang diktadura, di sa pamamagitan ng paglahok sa huwad na eleksyon kundi sa pamamagitan ng mga militanteng paraan ng paglaban.

Gayunman, mas marami pa rin ang bumoto sa pinakaenggrandeng palabas ng pangkating US-Marcos sa kasaysayan ng paghahari nito. Kahit sawang-sawa na ang taumbayan sa mga huwad na eleksyon, bumoto pa rin ang marami sa paniniwalang maipapamukha nito ang kanilang pagtutol sa rehimen, habang ang iba'y napilitan lamang dahil sa pasistang pananakot.

Tulad ng inaasahan, garapalan at malawakang pandaraya't terorismo ang tanging naging pamamaraan ng pangkating US-Marcos para masiguro ang "panalo" ng mga kandidato ng Kilusang Bagong Lipunan (KBL) sa harap ng malakas na daluyong ng sentimyentong antidiktadura. Palibhasa'y laganap at matindi ang militarisasyon, madaling nagawa ang gusto ng rehimen, lalo na sa liblib na mga lugar. Habang sinusulat ito, hindi pa rin matapus-tapos ang pandaraya ng rehimen, at dumadami ang bilang ng patay kaugnay ng pagpoprotesta ng taumbayan sa mga salamangka sa bilangan.

Ngunit sa lugar na malakas ang oposisyon, at lalo sa mga sentrong lunsod, nanaig ang pangangailangang gawing kapani-paniwala ang botohan, upang "maalisan ng kamandag" ang malakas na kilusang boykot--na nagharap ng tuwirang hamon di lang sa planong "eleksyon" kundi sa mismong pag-iral ng papet na pasistang diktadura. Kayat napilitan ang pangkating Marcos na sundin ang dikta ng mga imperyalismong amo nito na rendahan ang mga pandaraya't terorismo, at gumawa ng ilang pagbabago sa mapanggipit na mga patakaran (halimbawa, tinanggal ang block voting o botohang por-partido) na dati'y epektibong bumabara sa oposisyon. Bunga nito--sa kauna-unahang pagkakataon mula 1972--marami-raming oposisyonista ang nanalo noong Mayo 14, batay sa di upisyal at di kumpletong bilangan. Ang masidhing galit ng taumbayan sa diktadura ay nagdala sa kanila sa tagumpay na higit kaysa pinaghandaan ni Marcos, at maaaring ng mismong mga oposisyonista.

## Konteksto ng Mayo 14

Idinaos ang kampanya sa gitna ng pinakamaigting na krisis pampulitika at

bugso ng kilusang masa sa kasaysayan ng papet na republika.

Pinakamatingkad na mga katangian ng krisis na ito ang pagkakasukol ng rehimen sa depensibong pusisyon sa pulitika at ang baha-bahaging paralisis ng ekonomya ng bansa. Lalo't higit, ang krisis ay pinatalas ng militanteng bugso ng mga protestang masa sa buong kapuluan na tinampukan ng maramihang paglahok ng mga panggitna't di organisadong pwersa.

Ang kakaibang sitwasyong ito ang nagbigay ng kakaibang kahulugan sa idinaos na "eleksyon." Ang kandidatura ng kung sinu-sinong pulitiko o plataporma ng kani-kanilang partidong pampulitika ay naging sekundaryong usapin. Ang naging pundamental na isyu ay ang katuturan ng "eleksyon" sa pagbabagsak sa pasistang diktadura at pagbubuo ng sistemang ipapalit dito.

Sa anyo, ang labanan ay sa pagitan ng boykot at partisipasyon. Sa esensya, ito'y labanan sa pag-iimpluwensya sa landas na tatahakin ng prenteng antidiktadura. Ibig sabihin, kung magpapatuloy ang mga pwersang antidiktadura sa militante't matatag na demokratikong pakikibaka na pangunahing nakasandig sa kilusang masa, o kung babaling sa mga parlamentarista't mabuway na porma ng pagkilos na pangunahing nakaasa sa mga mapagkompromisong pulitiko; kung ito'y magpapatuloy sa pag-alpas o magpapakulong na lamang sa mga restriksyon at hanggapang itinatakda ng naghaharing pangkatin. Samakatwid, nakahapag na rin sa labanang ito ang usapin ng pag-iral ng kabuuang sistemang malakolonyal at malapyudal na ang prinsipal na tagapangalaga sa kasalukuyan ay ang papet na rehimeng Marcos.

Dahil sa katangiang ito ng labanan, ang imperyalismong US ay puspusang nanghimasok sa pagpapakana ng "eleksyon" para pangalagaan ang sariling taktikal at istratehikong interes sa bansa at masiguro na mauuna ang mga ito kaysa mga partikular na interes ng pangkating Marcos sa pakikipagtunggali sa burges na oposisyon.

Pinakaimportante sa US ang istabilidad ng kabuuang sistema na mabilis na nanghihina sa gitna ng walang kasinlalang krisis sa pulitika at ekonomya at binabayo hindi lang ng tumitinding armadong pakikibaka kundi ng magkakasanib na epekto ng lumalawak na impluwensya ng rebolusyonaryong pwersa, tumataas na militansya ng hayag na demokratikong kilusan, at lumalalang salungatan sa hanay ng mga lokal na reaksyonaryo.

Susi sa pag-unawa sa naging resulta ng eleksyon ang pagtukoy sa mapagpasyang papel ng imperyalismong US sa kabuuang buhay-pampulitika ng Pilipinas, at sa bawat mahalagang hakbang ng mga lokal na naghahari. Ang paggigiit na maging kapani-paniwala ang "eleksyon" ay isang mapanlinlang na palabas na ang utak ay ang imperyalismong US. Katunayan, ang malaking nagpalakas ng loob sa mga oposisyonistang lumahok ay ang paniniyak ng US na magkakaroon sila ng mga 30 porsyentong bahagi sa loob ng Batasan.

Ang malakas na kilusang boykot sa buong bansa ang naging palakol sa lalamunan ng diktadurang US-Marcos. Sa simula pa lang, tinantya nito na marami pa ring botante't pulitiko ang magagawang linlangin o piliting lumahok sa "eleksyon." Ngunit ang mabigat na pinangambahan, lalo ng imperyalismong US, ay ang bwelta't epekto ng garapalang panggigipit, pandaraya't terorismo matapos ang eleksyon sa harap ng malakas na hatak ng militanteng kilusang boykot. Malaki ang panganib na bigla't maramihang bumaling ang mga lumahok sa "eleksyon" sa mga porma ng paglaban na labas sa balangkas na itinatakda ng rehimen.

Ang maniobra sa "kapani-paniwalang eleksyon" ay pagkilala mismo ng rehimen sa lakas ng kilusang boykot at magiging epekto nito matapos ang "eleksyon." Kung wala ito, kung di umiiral ang sitwasyong tulad ng sa kasalukuyan, kung iba ang pundamental na isyung nakataya sa labanan, malamang na di magdadalawang-isip ang diktadura na ulitin lamang o patindihin ang dati nang panggigipit, pandaraya't terorismo kahit sa mga lugar na malakas ang partisipasyonistang oposisyon.

Kung di man ganap na umayon ang maniobra sa kagustuhan ng pangkatin, di rin naman ito ganap na sumalungat sa partikular na interes na ipreserba ang mahigpit na monopolyo sa kapangyarihang pang-estado sa Pilipinas. Hawak pa rin ng pangkating Marcos ang malaking mayorya sa Batasan. Kung tutuusin, hindi iilan sa mga "oposisyonistang" pinalusot ay mga pakawala rin ng rehimen. Ang pagsunod sa dikta ng imperyalismong US ay lalo lang nagpatunay sa ganap na pagkapapet ng pangkatin. Kongkretong patunay ito na ang imperyalismong US ang tanging pinakamapagpasyang pwersang nagtatakda ng reaksyonaryong pulitika sa bansa.

Ngunit ang maksimum na nakamit ng maniobra laban sa kilusang boykot at malawak na masa ng sambayanang Pilipino ay ipagpaliban ang mapagpasyang labanang pampulitika at unti-unting ilatag ang

mga kundisyon para makapiglas ang rehimen sa depensibong pusisyon. Gayunman, di pa rin makakahinga nang maluwag ang rehimen hanggat bigo ito sa pagwasak sa militante't malawak na prenteng antidiktadura na mas lumakas sa kampanyang boykot--lalo't araw-araw ay umaalingawngaw ang mga tagumpay ng armadong pakikibaka ng mamamayan. Ni hindi nakasisiguro ang rehimen sa posibleng bwelta ng pagpapalusot nito sa mga oposisyonista sa Batasan hanggat buo at pursigido ang militante't demokratikong kilusang masa na sa kabuua'y siyang may hawak sa inisyatibang pampulitika.

## Malalaking tagumpay

Bagamat mas marami pa rin ang bumoto kaysa nagboykot, isang malaking tagumpay ang kampanyang boykot ng demokratikong kilusang masa sa buong bayan.

Sa kasalukuyang antas ng labanan, ang mapagpasyang usapin ay hindi pa kung handa na ang mayorya ng mamamayan na aktwal at kagyat na tupdin sa konkretong aksyon ang mga militanteng panawagan. Ang mapagpasyang usapin sa eleksyon ay ang pag-impluwensya sa landas na tatahakin ng prenteng antidiktadura--kung ito'y lalaban o hindi sa loob ng makikitid na balangkas na itinatakda ng rehimen. At sa labanang ito, ang nagkamit ng mga solidong tagumpay ay ang demokratikong kilusang masa na sumulong sa anyo ng kilusang boykot.

Isang malaking tagumpay ng prenteng antidiktadura, na di basta makakamit sa mga ordinaryong panahon at pamamaraan, ang malawakang pagkamulat, pagkaorganisa at pagkilos ng mga demokratikong pwersa sa wastong landas ng militanteng pakikibaka sa diktadurang US-Marcos. Ilang ulit na mas dumami ngayon ang mamamayang matatag at aktibong nagpupursigi sa mga militanteng porma ng paglaban. Umabot sa milyun-milyon ang kabuuang mobilisasyon ng kampanyang boykot sa iba't ibang aksyong masa mula Enero hanggang Mayo 14. Kung hindi pa man itinataguyod ng mga lumahok sa "eleksyon" ang mga porma ng paglabang lumalabas sa balangkas ng rehimen, ang mahalaga'y naituro ang landas na ito sa kanila, at higit sa lahat, ibayong napalawak ang isang malakas na demokratikong kilusang masa sa hayag na larangan ng pakikibaka na hahatak sa kanila sa landas na ito.

Bigung-bigo ang rehimen sa layuning wasakin ang kampanyang boykot at biguin ang paglakas nito bilang isang militanteng tunguhin sa hanay ng mga demokratikong pwersa. Liban sa puspusang propaganda laban dito, ginamit ng pangkating US-Marcos ang iba't ibang anyo ng pasistang panunupil hanggang sa mga pagdukot at pagpatay mapigil lang ang pagsulong ng kampanyang boykot. Mismo ang mga konserbatibo sa loob ng Simbahang Katoliko at mga pinakareaksyonaryong burges-repormista ay umayuda sa antiboykot na pagpopropaganda, na nagpatunay lamang sa desperasyon nilang pigilan ito. Sa kabila ng lahat, nagawa ng kilusang boykot na itakda ang kumpas ng mga pampulitikang pakikibaka sa diktadura at naimpluwensya pati ang kampanya ng mga oposisyonistang lumalahok sa "eleksyon." Ang pagtatransporma ng burges na prosesong elektoral sa isang maigting na labanang pampulitika at pambansang debate sa kahungkagan ng "eleksyon" sa ilalim ng pasistang rehimen ay isang namumukodtanging tagumpay ng kilusang boykot.

Bigo ang mga pagtatangka ng pangkating US-Marcos na hatiin ang prenteng antidiktadura sa pamamagitan ng pagbubukod sa mga rebolusyonaryong pwersa. Bumula ang bibig ng diktador na si Marcos sa pagbuga ng antikomunistang propaganda laban sa kilusang boykot sa buong panahon ng kampanya. Ngunit lalo lamang lumawak ang impluwensya ng mga rebolusyonaryong pwersa, tumatag ang hanay ng mga progresibong pwersa, nahatak sa panig nito ang mga panggitna't marami rin sa mga burges-repormista, at naibukod sa prenteng antidiktadura ang linyang palasuko. Ang paghihiwalay sa pagitan ng boykot at partisipasyon sa esensya'y di pagkakahati ng prenteng antidiktadura alinsunod sa kontra-rebolusyonaryong disenyo ng pangkating US-Marcos. Sapagkat ito'y tunggalian sa pagitan ng militante at palasukong landas sa halip na makapagpahina sa prenteng antidiktadura ay naging daan ito para linawin pa kung paano ibabagsak ang diktadura at bubuuin ang ipapalit ditong sistema.

Inilatag ng kampanyang boykot ang mainam na kalagayan para sa rebolusyonaryong propaganda. Mahusay na napatampok sa kampanya, sa hayag na paraan, ang pambansa-demokratikong linya at naidiin ang mapagpasyang papel ng imperyalismong US sa Pilipinas at partikular na pakana nito sa eleksyon. Kayat napapurol ang mga kontra-rebolusyonaryo at repormistang propaganda ng rehimen at mga repormistang burges.

Naisulong sa mas mataas na antas ang demokratikong kilusang masa sa buong kapuluan lalo na ang hayag na kilusang masa sa lunsod. Sa kalagayang nasa depensibong pusisyon ang pasistang rehimen, ang magkasanib na hambalos ng kilusang masa sa kalunsuran at armadong pakikibaka sa kanayunan ay lalong nagpahigpit sa pagkakasukol nito. Napapanahon ang kapansin-pansing pagsulong ng kilusang manggagawa, lalo na sa Metro Manila, kahit sa kalagayan na ito ang panguna-

hing target ng pasistang panunupil sa lunsod. Binigyan nito ng matingkad na proletaryong katangian ang hayag na kilusang masa. Sa kabilang banda, buong husay na nagbigay ang kilusang istudyante ng masigla, sustenido't mapangahas na katangian sa mga aksyong masa at walang kasinlawak ang naging partisipasyon nila dito. Isa sa pinakatampok na tagumpay ng kampanyang boykot ang pagpapasigla sa militanteng pakikibaka ng mga panggitnang pwersa at paglawak ng gawain sa nagkakaisang prente hanggang sa antas ng mga nakatataas na uri't saray sa lipunan.

Sa buong panahon ng kampanya, komprehensibong naisulong ng rebolusyonaryong kilusan ang mga gawain at karanasan sa iba't ibang larangan. Kaagapay ng pagsulong ng kilusang masa ay ibayong pinaigting ng Bagong Hukbong Bayan ang paglulunsad ng armadong pakikibaka. Sa pagpapasigla sa mga operasyong gerilya ng BHB, mahusay na naidiin sa buong prenteng antidiktadura at sa malawak na masa ng sambayanan na ang armadong pakikibaka ay pangunahin, mapagpasya at pinakamabisang paraan ng pagbabagsak sa papet na pasistang rehimen.

## Matapos ang eleksyon

Mas maigting pero maaaring maging mas kumplikado ang sitwasyon ngayon. Di pa rin nakakaalpas ang rehimen sa depensibong pusisyon. Nakatutok ngayon dito ang dalawang magkaibang direksyon ng atake--mula sa mga pwersang nagdala ng boykot at pwersang lumahok sa eleksyon, na kapwa malaki ang inilakas matapos ang kampanya. Maaaring magkaroon ng kumplikadong anggulo ang sitwasyon, depende kung ang mga repormistang burges ay makikipagkaisa sa malawak na prenteng antidiktadura, o makikipagkasundo sa pangkating US-Marcos.

Ang mas mabilis na paglala ng krisis sa ekonomya ang susupalpal sa mga pagtatangka ng rehimen na umopensiba sa propaganda ngayon para makapiglas sa depensibong pusisyon. Bago pa ang "eleksyon," umigting na ang implasyon dahil sa walang-lubay na gastos sa kampanya ng rehimen. Di pa man tapos ang proklamasyon ng mga "nanalo" ay inanunsyo na ni Marcos ang pagtataas ng presyo ng langis at gasolina. Tiyak na ang implasyon ay lalong patitindihin ng darating na debalwasyong kapalit ng ibayong suporta ng US sa rehimen sa anyo ng mga pautang ng IMF-WB.

Susi sa magiging takbo ng kalagayan ang pagkakaisa at mga susunod na hakbang ng prenteng antidiktadura. Ngayong tapos na ang "eleksyon," wasto lamang na tapusin ang paghihiwalay sa isyu ng boykot at partisipasyon sa paraang makaprinsipyo, at harapin ang pagpapatatag at pagpapalawak ng pagkakaisa tungo sa mas matatag at puspusang paglaban sa pasistang diktadura. Ngayon mapatutunayan ang katapatan at katatagan ng bawat pwersang antidiktadura sa layuning ito na itinataguyod ng buong sambayanan--at ang bisa ng mga paraan ng paglaban na pinagpupursigihan nila.

Para sa mga organisasyon at pwersang nagboykot, kailangang pahigpitin at paunlarin ang pagkakaisa't pagtutulungang natamo noong kampanya. Para dito'y mahalagang unawain nang malalim ang saligang katangian ng pinili nilang porma ng paglaban: ang militanteng pakikibaka sa pasistang rehimeng papet na matagal nang naghari bilang diktadura.

Dahil ang pakikibakang ito'y nakasandig sa tuwirang pagkilos ng sambayanan, wasto lamang na ituon ang mga pagsisikap sa malawakang pagmumulat at pag-oorganisa sa mga demokratikong uri at saray, para maipon ang pinakamalakas na pwersang magpapahina't magbabagsak sa rehimen.

At dahil ang militanteng pakikibakang ito ay di nagpapakulong sa mga restriksyong itinatakda ng pasistang estado, wasto lamang na kilalanin ang lahat ng porma ng paglaban--ligal at iligal, hayag at lihim, armado at di armado. Salungat sa kalikasan ng demokratikong kilusang masa na ipako ang militanteng pakikibaka sa iisang porma ng paglaban, gaya ng ilan na ibig magkasya sa mga pormang mapayapa kahit militante. Angkop ito sa kalakhan, kung pag-uusapan ay ang hayag na kilusang masa sa lunsod. Ngunit hindi maaaring ilabas sa pag-uusap ang malawak na kanayunan na katatagpuan ng malawak na mayorya ng sambayanan. Dito pangunahing matatagpuan ang pinakaorganisado, pinakamalawak at pinakamilitanteng pwersang lumalaban ngayon sa diktadura. Ang armadong pakikibaka ng pwersang ito ang pangunahing nagpapahina sa diktadura at nagiging mapagpasya sa pagbabagsak dito.

Para sa mga repormistang burges na lumahok sa "eleksyon,"--na natalo ang karamihan, pero marami rin ang nanalo--nahaharap sila ngayon sa katanungan ng kung paano ipagpapatuloy ang paglaban sa diktadura. Masusubok ang pakahulugan nila sa paglansag sa diktadura. Mangangahulugan ba ito ng muling pakikiisa sa malawak na prenteng antidiktadura at pagtataguyod sa kapakanan ng mamamayan, o pakikipagkasundo at paglilingkod sa pangkating US-Marcos?

Kung ang una ang pipiliin, mismo ang mali nilang paglahok sa huwad na halalan, na puspusang ginagamit ngayon ng pangkating Marcos, ay magkakaroon na rin ng

positibong katuturan--isang ambag, kahit paano, sa pagpapalawak ng larangan ng pagtuligsa sa pasistang rehimen. Sa loob ng Batasan, kontrolado man ito ni Marcos, maaari nilang patindihin ang antidiktadurang banat at sumuporta sa demokratikong kilusang masa. Gayundin, ang mga isyu ay dapat nilang dalhin sa "parlamento ng mga lansangan" at saanman naroroon ang malawak na masa. Tungkulin nilang suklian ang tiwala ng mga bumoto sa kanila, sa pamamagitan ng pakikipaglaban para sa mga saligan at demokratikong interes ng mamamayan, na ang pangunahing hangad sa lahat ay ang paglansag sa diktadura. Wala kasi silang makabuluhang maiaambag bilang mga oposisyonistang asembliman kung ang papel nila sa Batasan ay maliilimitahan sa pagtuligsa sa ilang partikular na patakaran ng rehimen. At kailangan din nilang patunayan sa taumbayan na ang paghahabol nilang makaupo sa Batasan ay hindi dahil sa tulak lamang ng personal na ambisyong pampulitika.

Kung ang pipiliin naman ng mga lumahok ay rekonsilyasyon sa rehimen, ito'y walang iba kundi tahasang kolaborasyon sa kriminal na diktadura. Walang duda na kung gaano nila kadaling nakuha ang suporta ng mga botante, gayundin kadali silang itatakwil ng mamamayan sa sandaling malinaw na nakitang sumuko sila.

Para sa rebolusyonaryong kilusan, kinikilala nito ang bisa ng mga ligal, hayag at di armadong porma ng paglaban sa pagpapahina sa diktadura. Ngunit hindi ito sapat. Ang mapagpasya sa pagbabagsak sa diktadura ay ang mga armado, iligal at lihim na porma ng paglaban. Ngunit di rin ito sapat kung hindi susuportahan ng mga paglabang ligal, hayag at di armado. Sa madaling salita, ang kabuuang pagtutulungan ng mga pormang ito ng paglaban ang magpapahina't magbabagsak sa diktadurang US-Marcos.

Naninindigan din ang rebolusyonaryong kilusan na kung ang hangad ng mga pwersang antidiktadura ay tunay na kalayaan at demokrasya para sa sambayanang Pilipino, ang kailangang ibagsak ay hindi lang ang pasistang pangkating Marcos kundi ang kabuuang paghaharing imperyalista, pyudal at burukratang kapitalista sa Pilipinas, ang kailangang itayo ay isang pamahalaang koalisyon ng lahat ng demokratikong pwersa.

Tungo sa mga layuning ito, kagyat na tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ang ibayong patatagin at palawakin ang mga tagumpay na nakamit ng kilusang boykot, at maghanda para sa mga susunod na labanan. Kailangang palakasin ang kilusang lihim at lalo na ang mga gawain sa kalunsuran, at konsolidahin ang mga tagumpay sa pakikipagkaisang-prente. Dapat patuloy na mapanghawakan ang napakainam na kalagayan para sa mga hayag na pakikibaka habang laging naghahandang biguin ang mga pagtatangka ng rehimeng kumontra-atake sa pamamagitan ng pasistang panunupil. Mahalaga sa lahat ang pagdidiin sa pagkakaisa ng prenteng antidiktadura kasabay ng wastong pagbaka sa mga palasukong tendensya ng mga nag-uurong-sulong sa paglaban sa diktadura.●



# Opensiba ng BHB

Habang tumitindi ang hayag na kilusang antidiktadura laluna sa mga syudad at kabayanan, pinaiigting naman ng Bagong Hukbong Bayan ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan. Ang matagumpay na mga taktikal na opensiba--na ang marami ay ambus sa mga tropang kaaway na idineploy para takutin ang mga tao na bumoto sa eleksyon--ay malinaw na patunay ng armadong lakas ng rebolusyon.

Narito ang ilan sa mga ulat na natanggap ng AB:

Gitnang Negros: Ilang taktikal na opensiba noong Marso-Abril ang inilunsad sa larangang gerilyang ito na isa sa mga bagong-bukas sa Bisayas. Sa dalawang ambus, 16 na malakas na armas ang inagaw ng BHB mula sa kaaway.

Noong Marso 26, inambus ng mga Pulang mandirigma ang 10-kataong pwersang PC-pulis-CHDF na ipinadala para kunin ang bangkay ng dalawang "dimonyong" pinarusahan ng BHB sa Binalbagan, Negros Occidental. Nakuha ang isang M203, anim na M16 at iba pa. Patay ang walong kalaban at dalawa ang tumakbo.

Agad naglunsad ang kaaway ng kontra-aksyon, na ginamitan ng malaking pwersang regular at dalawang helikopter. Noong Marso 27, dalawang kalaban ang patay at dalawa pa ang sugatan sa isang engkwentro. Pagkatapos nito'y nagpasugod ng helikopter ang kaaway; pero, ito'y bumagsak at limang sundalo ang patay.

Noon namang Abril 18, sa Isabela, Negros Occidental, inambus ng mga Pulang mandirigma ang 11-kataong pwersa ng pulis-CHDF na kukuha sa bangkay ng pinarusahang pulis. Lima sa kanila ang napatay at anim ang sugatan at sumurender. Kinuha ng mga gerilyang bayan ang limang M16, tatlong karbin at isang Garand.

Bikol: Labing-apat na malakas na armas, kabilang ang 10 M16 at isang BAR, ang naagaw ng mga mandirigma ng BHB sa tatlong ambus noong Marso, ayon sa *Silyab* (Marso 1984). Sa mga labanang ito, 15 kaaway ang patay at apat pa ang napasuko.

Ang talaan: Marso 14--sa Goa, Camarines Sur, apat na armalayt at dalawang Garand. Marso 15--sa Pasacao, Camarines Sur, tatlong M16 at isang karbin. Marso 27--sa Ligao, Albay, tatlong M16 at isang BAR.

Timog Quezon: Sa loob ng limang araw, nakasamsam ng 12 malakas na armas ang hukbong bayan. Noong Abril 2, inambus ang pito-kataong yunit ng 42nd IB (PA) na nakadestino sa bayan ng Lopez. Apat na M16 ang kabilang sa mga nakumpiska. Tatlong kalaban ang patay, isa ang sumuko, at tatlo ang tumakbo.

Noong Abril 7, nireyd ng malaking pwersa ng BHB ang walo-kataong ditatsment ng 234th PC Company sa Catanauan. Pitong M16, isang M79, maraming bala at iba pa ang kinumpiska. Dalawang kalaban ang patay, at tumakbo nang malayo (hanggang bayan ng Lopez) ang lider ng ditatsment. Ginamot ng mga Pulang mandirigma ang mga sugatan, saka pinalaya. Natapos ang operasyon sa loob ng 21 minuto.

Isabela: Sa gitna ng matinding kampanyang panunupil ng kaaway, dalawang beses sumalakay noong Pebrero ang mga yunit ng BHB sa larangang ito sa hilagang Luson. Binibigo ang mga operasyon ng AFP sa pamamagitan ng maraming aksyong pambubulabog.

Nakasamsam ng dalawang karbin at dalawang Garand ang BHB nang reydin ng isang yunit nito ang ditatsment ng INP-CHDF sa isang tablerya noong Pebrero 9. Isang M16 naman at maraming kagamitang militar ang inagaw mula sa kampo ng CHDF sa Benito Soliven noong Pebrero 20. Sa mga aksyong ito at iba pa noong buwan ding iyon, 12 kaaway ang patay. ●

# Agresyon:

## Importanteng bahagi ng pandaigdigang patakaran ng US




Ang pananalakay ng imperyalismong US nitong nakaraang mga taon sa mga maliit na bayan ay binigyang-katwiran ni Presidente Reagan ng US at arogante niyang iginiit na "dapat manatiling bahagi ng patakarang panlabas ng Amerika ang kakayahang gumamit ng pwersang militar, tuwiran man o hindi...." Tunay ngang ang

panghihimasok na militar ay bukod-tanging palatandaan ng patakarang panlabas ng US sa pagsisikap nitong matamo at mamintina ang hegemonya sa daigdig.

Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, paulit-ulit na ginamit ng US ang pwersa para mang-agaw ng teritoryo at manakop sa mahihinang bansa. Noong 1836, inagaw ng US mula sa Mexico ang teritoryong kilala ngayon bilang Texas; pagkaraan ng 10 taon, sa digmang pagpapalawak laban sa Mexico, nakuha ng US ang kalahati ng teritoryo nito, na bumubuo ngayon sa lima sa 50 estadong Amerikano. Noong 1854, pinwersa ng plota ng US Navy ang Japan na buksan ang mga pwerto nito sa kalakalang US. Pagkatapos gerahin ang Spain noong 1898, nakuha ng US ang Pilipinas, Puerto Rico at Guam, at noong taon ding iyon ay sinaklaw ang Hawaii. Mula 1898 hanggang 1920, di kukulangin sa 20 beses na ipinadala ang mga US Marines para kontrolin ang mga bayan sa Amerikang Sentral at Dagat Caribbean. At sa China, ang US ay sumama sa mga imperyalista ng Europa sa pagsugpo sa makabansang pag-aalsang Yihetuan (1900) at pagkaraan ay kumuha ng mga konsesyon mula sa gubyerno ng China.

Bilang pinakamakapangyarihang imperyalistang bayan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nangunguna ang US sa pangangalaga sa pandaigdigang sistemang kapitalista (kabilang ang mga kolonya at malakolonya) sa pamamagitan ng pagsugpo sa mga kilusang rebolusyonaryo at progresibo sa buong mundo at pagtatangkang ibagsak ang mga estadong nagsasarili't makabansa at mga sosyalistang estado.

## Tuwirang agresyon

Tuwiran o di tuwiran ang militar na panghihimasok ng US. Maihahalimbawa ang tuwirang armadong agresyon ng US sa Korea (1950-53), Vietnam (1965-72), Dominican Republic (1965) at Grenada (1983).

Para ikatwiran ang tuwirang agresyon, basta na lang nag-imbento ang US ng dahilan. Noong 1964, pumasok ang mga bapor pandigma ng US sa teritoryo ng Demokratikong Republika ng Vietnam (DRV), kayat nagsagawa ito ng aksyong pandepensa. Subalit pinalabas pa ng US na ang DRV ang siyang nananalakay para maidahilan sa pambobomba sa hilagang Vietnam at sa pagdedeploy ng maraming tropang Amerikano. Noong 1965, nagbuhos ang US ng tropa sa Dominican Republic para daw sagipin ang mga sibilyang Amerikano na hindi naman nanganganib. Ito rin ang ginawang dahilan ni Reagan nang lusubin ang Grenada nitong nakaraang taon. Dagdag pa, ikinunwari din ng US ang pagtatayo sa Grenada ng baseng pangmisil ng Soviet Union, na ang totoo'y paliparan pala na ginagawa ng isang empresa ng Great Britain.

Sa ngalan ng anti-komunismo, sinisikap din ng US na kaladkarin ang ibang bayan at pandaigdigang organisasyon sa mga digmang mapanalakay nito. Ang tingin ng US sa sarili ay tagapagtanggol ng pandaigdigang sistemang kapitalista, kaya pumasok sa walong tratadong pandalawahan at pangmaramihan mula 1947 hanggang 1955, na umoobliga sa US na "depensahan" ang 43 bayan, karamihan sa Asya, Amerikang Latina at Europa.

Sa gayon, nagamit ng US ang bandila ng Mga Bansang Nagkakaisa (UN) habang nilalabanan ang mga Koreano, at nakaladkad nito ang ilan sa mga bayang kasapi ng Southeast Asia Treaty Organization (SEATO) sa gera sa Vietnam. Pagkatapos nitong dagsaan ng tropang Amerikano ang Dominican Republic noong 1965, inorganisa ng US ang Inter-American Peace Force na nasangkot sa Organisasyon ng mga Estadong Amerikano (OAS, binubuo ng US at mga bayan sa Amerikang Latina) sa pagmamantini ng isang maka-imperyalistang rehimen sa bayang iyon.


Bukod sa aktibong pandirigma, ginagamit din ng US ang lakas militar nito sa panghahamon sa gera at panduduro sa mga mas mahinang bayan. Sa ganitong mga kaso, nagtitipon ang US ng malaking pwersang militar para harapin ang ibang bayan tulad ng ginawa nito sa Lebanon (1958) at Cuba (1962).

## Di tuwirang agresyon

Samantalang madalas na rin ang mga kaso ng hayagang panghihimasok na militar ng US [tingnan ang kasabay nitong listahan sa p.10], mas karaniwan pa ring ginagamit ng US ang di tuwirang agresyon para mamantini ang mga papet na rehimen at mapigilan ang pagtatayo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika sa mga kolonya at malakolonya sa Asya, Aprika at Amerikang Latina.

Sa di tuwirang panghihimasok, nagbibigay ang US ng tulong militar sa mga papet na rehimeng batbat sa krisis, nagsasanay sa mga upisyal na militar nito at nagpapadala ng mga tagapayong militar para mangasiwa sa mga operasyon ng papet na hukbo laban sa mga pwersang rebolusyonaryo [AB, Disyembre 1983]. Sa pamamagitan nito'y naiiwasan ang pagpapadala

# Paulit-ulit na panghihimasok 1947-1983



1 9 4 7-- Nagpadala ang US ng mga tauhang militar at malakihang tulong militar sa Greece para pigilin ang tagumpay ng rebolusyonaryong gerang sibil doon.

1 9 5 0-- Naglunsad ang US ng malakihang pagsalakay na gumamit ng pwersang panghimpapawid, pandagat at pangkatihan para biguin ang digmang mapagpalaya ng mamamayan ng Korea.

1 9 5 3-- Pinabagsak ng Central Intelligence Agency (CIA) ng US ang makabansang si Mohammed Mossadegh na nahalal na punong ministro ng Iran noong 1951. Ibinalik ang reaksyonaryong shah sa poder (noong 1979, ibinagsak ito sa isang pag-aalsa ng bayan).

1 9 5 4-- Siniraan ng CIA ang gubyerno ng Laos, isang koalisyon ng mga pwersang nyutralista at rebolusyonaryo.

1 9 5 4-- Inorganisa ni Koronel Edward Lansdale (ang upisyal ng CIA na nangasiwa sa kampanyang kontra-rebolusyonaryo sa Pilipinas at sa pagiging presidente ni Ramon Magsaysay) ang isang pangkat militar sa timog Vietnam para maglunsad ng mga reyd na nananabotahe sa hilagang Vietnam. Nang sumunod na taon, itinayo ng US ang papet na rehimen ni Ngo Dinh Diem at sinimulang ipadala ang mga "tagapayong" militar na umabot ng 23,300 noong 1964.

1 9 5 8-- Nang mag-alsa ang mamamayan laban sa mga patakarang maka-imperyalista ng presidente ng Lebanon, nagpadala ang US ng 15,000 tropa doon para pangasiwaan ang pagtatayo ng isang bagong gubyerno.

1 9 6 1-- Inorganisa ng CIA ang mga mersenaryong Cubano at inilunsad ang pagsalakay sa Bay of Pigs (Look ng mga Baboy) sa Cuba, na noong 1959 ay nagtagumpay na ibagsak ang papet na rehimeng Batista.

1 9 6 2-- Blinokeyo ng US ang dagat sa paligid ng Cuba para pwersahin itong baklasin at alisin sa Cuba ang mga misil na nukleyar ng Soviet Union.

1 9 6 5-- Hayagang nanggera ang US sa Demokratikong Republika ng Vietnam nang sinimulang bombahin ang hilaga at pumasok na sa labanan ang mga sundalong Amerikano. Sa pag-igting ng digmaan, umabot hanggang 540,000 noong 1968 ang bilang ng tropang US sa Vietnam.

1 9 6 5-- Inorganisa ng CIA ang isang kudeta sa Zaire (dating Congo) at itinayo ang papet na pasistang rehimeng Mobutu, pagkaraan ng limang taong pagsisikap ng US na kontrolin ang bayang ito na katatamo lang ng independensya. (Ibinibintang sa US ang pagkamatay ng unang punong ministro ng bayang ito, ang anti-imperyalistang si Patrice Lumumba.)

1 9 6 6-- Ipinabagsak ng CIA sa isang kudeta ang progresibong presidente ng Ghana, si Kwame Nkrumah at inilagay sa poder ang isang papet na diktadurang militar.

1 9 6 9-- Pinalawak ng US ang gera nito sa Vietnam at sinimulan ang pambobomba sa Kampuchea, na paulit-ulit na nilusob sa mga sumunod na taon ng US at mga papet na sundalo mula timog Vietnam.

1 9 7 3-- Dahil nabigo ang US na hadlangan ang pagkakahalal sa progresibong lider na si Salvador Allende bilang presidente ng Chile noong 1970, inorganisa ng CIA ang isang kudeta na ikinamatay niya, at si Augusto Pinochet ay ginawang papet na diktador.

1 9 8 1-- Nagpadala ang US ng mga tagapayong militar sa El Salvador para tulungan ang mga papet na tropa na sugpuin ang mga rebolusyonaryong pwersa.

1 9 8 2-- Sinimulang organisahin ng CIA ang mga mersenaryong pwersa para pabagsakin ang rebolusyonaryong gubyernong Sandinista sa Nicaragua, na dumurog sa rehimeng US-Somoza noong 1979.

1 9 8 3-- Ipinadala ang mga US Marines sa Lebanon para itaguyod ang pagbubuo ng isang gubyernong pabor sa interes ng US at Israel sa rehiyon.

1 9 8 3-- Nilusob ng US ang Grenada para palitan ng isang papet na rehimen ang anti-imperyalistang gubyerno doon.

ng malaking bilang ng tropang Amerikano. Gayunman, sa pag-igting ng digma sa pambansang pagpapalaya, maaaring madagdagan ang tulong ng US at humantong sa mas malakihang panghihimasok na militar, tulad ng nangyari sa Vietnam.

Ginagamit din ng US ang mga kanang-kamay nito tulad ng Israel at South Africa para sugpuin ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa kani-kanilang

rehiyon, na umaabot sa malakihang panalalakay sa mga bayang may mapagkaibigang ugnayan sa kanugnog na pwersang rebolusyonaryo.

Saanman napapalitan ng mga makabayan at anti-imperyalistang gubyerno ang mga papet na rehimen, gumagamit ang US ng iba't ibang paraang pang-ekonomya, pampulitika at militar para papanghinain at pabagsakin ang mga gubyernong ito.

Isang anyo ng di tuwirang agresyong militar ay ang laganap na paggamit ng US, sa pamamagitan ng CIA at iba pang ahensya, sa mga kontra-rebolusyonaryong pwersang mersenaryo para makamit ang mga layunin nito.

Naging matagumpay ang US sa mga kasong ang pababagsaking gubyerno ay nagkamit ng kapangyarihan pangunahin sa pamamagitan ng paraang parlamentaryo at wala silang matibay na suportang militar. Kagaya sa kaso ng Iran noong 1953, Guatemala noong 1954 at Chile noong 1973, nagamit ng US ang lokal na mga hukbong reaksyonaryo laban sa kani-kanilang gubyerno.

Sa ibang kaso, tulad ng sa Cuba, Angola, Mozambique at Nicaragua, bigo hanggang ngayon ang US sa pagtatangkang pabagsakin ang gubyernong may matibay na suporta ng mga mamamayan nito mismo, na may sariling rebolusyonaryong hukbo at milisya.

Napapadali ang panghihimasok na militar, tuwiran man o di tuwiran, sa pagkakaroon ng US ng mga baseng militar sa buong mundo. Noong 1983, mayroon itong 336 na base at instalasyong militar sa 21 bayan.

## Mga tunguhin

Mula 1946 hanggang katapusan ng dekadang 1960, ang mga panghihimasok na militar ng US ay mas madalas, mas malaki at mas matatagal kaysa sa sumunod na dekada. Noon iginiit ng US ang pang-ekonomya't pampulitikang pangingibabaw nito sa ibang imperyalistang bayan, at inangkin ang pagiging superpawer sa daigdig. Panahon din iyon ng kasaganahan sa ekonomya ng US na pinasulong ng pagtaas ng produksyong industriyal pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ng gastusing militar kaugnay ng mga digmang mapanalakay.

Noong huling bahagi ng dekadang 1960, nagsimulang lumubog ang katayuang pampulitika ng US sa daigdig, at ang di makatarungang gera nito sa Vietnam ay mariing kinalaban ng mamamayang Amerikano at ibang mamamayan, organisasyon at gubyerno sa buong mundo. Sa harap ng lumalaking pinsala sa gera at ng ibayong pagkakabukod sa pulitika, napilitan ang US na rendahan ang pagkakasangkot nito sa Indotsina at tuluyan nang umatras noong 1975 nang sunud-sunod na makamit ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Kampuchea, Vietnam at Laos ang pambansang tagumpay.

Ang pagkatalo ng US sa digmang mapanalakay sa Vietnam ay nagsilbing mitsa ng malalim na krisis sa ekonomya na hanggang ngayon ay di ganap na naahunan ng US. Patuloy na napatatakbo lang ang ekonomya sa pamamagitan ng pangungutang. Ang krisis ay hindi lang limitado sa US, kundi dinanas din ng ibang kapitalistang bayan at mga malakolonya sa iba't ibang tindi at tagal.

Samantala, walang humpay ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa buong mundo. Pagkaraan ng mga tagumpay ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Indotsina noong 1975, napalaya ng ilang bayan ang kanilang sarili mula sa dominasyong imperyalista at kolonyalista tulad ng Mozambique (1975), Angola (1976), Iran (1979), Nicaragua (1979) at Zimbabwe (1980).

Ang pagkatalo ng US sa kamay ng mamamayan ng Vietnam ay isang mariing dagok sa prestihiyo ng US bilang superpawer sa daigdig. Pagkaraan nito, naging mas mahirap na para sa US na maglunsad ng malaking adbenturang militar. Una, malamang na di sang-ayunan ng mga kaalyado ng US ang panghihimasok nito, at lalong di suportahan ito. Di na rin kasindali ng dati na mahahatak ng US ang mga pandaigdigang organisasyon, kabilang ang UN, na hayaan o suportahan ang panghihimasok ng US. Isa pa, lubhang atubili ang mamamayang Amerikano at baka matali na naman sila sa isang digmaan. Sa gayon, hindi napigilan ng US ang pagbagsak ng rehimeng US-Pahlavi sa Iran at rehimeng US-Somoza sa Nicaragua noong 1979.

Noong simula ng dekadang 1980, muling pinabilis ng US, sa ilalim ng administrasyong Reagan, ang pagpapalakas sa sariling militar at pinag-ibayo ang mga probokasyon habang lantarang sumusuhay sa mga papet na pasistang rehimen. Dahil nawalan ng pampulitikang impluwensya at batbat pa mandin ng krisis sa ekonomya, desperadong tinangka ng US na mabawi ang nawalang tuntungan at muling igiit ang katayuan sa daigdig bilang Numero Unong superpawer.

Naglunsad ang US ng isang programa ng paggastang militar para mabigyan ng tulak ang ekonomya. Sinimulan ng gubyerno ng US ang pagsubok sa panibagong bugso ng armadong panghihimasok sa pamamagitan ng panggugulo sa rebolusyonaryong gubyernong Sandinista sa Nicaragua, panunugpo sa rebolusyon sa El Salvador, at pagsasagawa ng lihim na operasyong militar sa Aprika, Gitnang Silangan at iba

pang lugar. Ang pagsalakay sa Granada noong nakaraang taon ay nagbigay sa US ng mura at madaling tagumpay na nagdulot din ng pagkakataong matantya at mamanipula ang lokal at pandaigdigang reaksyon sa pananalakay.

Sa harap ng ganitong mga pangyayari, nananatiling alisto at naghahanda para sa panghihimasok na militar ang mga nagsasarili't makabansang estado at ang mga sosyalistang estado. Halimbawa, minobilisa ng Nicaragua ang mamamayan nito para paghandaan ang tuwirang pananalakay ng US. Pinalalakas ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya ang kanilang hanay at pinauunlad ang pakikiisa sa mamamayang Amerikano at mga mamamayan ng daigdig. Ito'y pagkilala na epektibong masasagkaan ang isinasagawa o napipintong panghihimasok ng US sa pamamagitan ng mga protesta ng mamamayang Amerikano at ng mamamayan ng daigdig.

Sa istratehikong pagtanaw, ang patuloy na pagpapahina sa imperyalismong US ang epektibong makakahadlang sa agresyon nito laban sa ibang bayan. Magagawa iyon sa pandaigdigang pagsulong ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at sa konsolidasyon ng mga tagumpay ng mga nagsasariling anti-imperyalistang estado at gayundin sa paglakas ng mga sosyalistang bayan. ●

## Sa tatlong kontinente:

# Kilusan sa pambansang pagpapalaya



Ang matatag na pagsulong ng digmang mapagpalaya sa maraming bayan ng Asya, Aprika at Amerikang Latina ay tuwirang nagpapahina't nagbubukod sa imperyalismong US. Ginagawang mahirap kundi man napipigilan ang paglulunsad ng US ng mga gerang mapanalakay laban sa mamamayan ng daigdig.

Mayamang baon naman ng karanasan ang mga pakikibakang ito sa mga kolonya't malakolonya ng US. Para sa mga rebolusyonaryong pwersa ng iba't ibang bayan, mahalagang mapag-aralan ang mga ito para matuto sa isa't isa at mapahigpit ang tulung-tulong na paglaban sa parehong kaaway.

<u>Pagkakapare-pareho</u>

Malakolonyal at malapyudal ang karamihan sa mga bayang tanghalan ng digmang mapagpalaya ngayon. Kabilang dito ang Pilipinas, Thailand, Burma, Indonesia, Malaysia, El Salvador, Guatemala, Honduras, Colombia at Venezuela.

Sa kabuuan, ang paghaharing imperyalista ay pinadadaan sa mga papet na rehimen, na ang mga namumunong upisyal ay hinuhugot ng US mula sa pinakamaaasahan at epektibong kinatawan ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Ang pagkakabuo ng mga pasistang diktadura, ang malaki kundi man dominanteng papel ng papet na pasistang militar, at ang mapagpasyang papel ng Bangkong

Mundyal (WB) at Pandaigdigang Pondo sa Pananalapi (IMF) sa ekonomya sa karamihan ng mga bayang nabanggit ay mga palatandaan lamang ng papahigpit na dominasyon ng US. Nangangahulugan ito ng kawalan ng tunay na pag-unlad, at pagbagsak pa nga, ng ekonomya, na para patuloy na makatakbo'y umaasa pangunahin sa pagtindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan.

Magsasaka ang kalakhan ng populasyon. Pero kahit sa mga bayang relatibong malawak ang lupang mabubungkal at maliit ang populasyon, walang pag-asa ang mayorya sa kanila na makapagmay-ari ng sariling lupa, dahil hawak ng mga dayuhan at katutubong reaksyonaryo ang kalakhan ng lupain.

Ang pagkapako ng agrikultura sa isa o dalawang pananim na pang-eksport ay nagsasampa ng naglalakihang ganansya sa mga imperyalista't malalaking asendero-kumprador, habang nananatiling di regular ang pagtatrabaho ng paparaming manggagawang bukid na tumatanggap ng sahod-piyon. Mas masahol ang kalagayan ng mga minoryang nasyonalidad, na kadalasa'y itinataboy mula sa kanilang lupain.

Dahil sa pagkabansot ng lokal na industriya, kaharap ng maliit na pwersa ng manggagawang industriyal sa mga bayang ito ang malawakang disempleyo at palagiang tanggalan sa trabaho. Dagdag pa, ang mga mapanupil na rehimen ay naglalabas ng halos pare-parehong mga batas na nagbabawal o nagpapataw ng maraming restriksyon sa welga, at pinapamalagi ang mababang pasahod at primitibong kalagayan sa mga pabrika.

Sinisiil din ang petiburgesya, kasama ang mga intelektwal at ibang panggitnang sektor ng lipunan, sa ilalim ng sistemang napananatili lamang sa pamamagitan ng panlilinlang at karahasan. Kaya nga malaki ang naging papel nila, laluna ng mga intelektwal, sa pagpupundar at pagpapalakas sa mga kilusang mapagpalaya.

Kahit ang bahagi ng naghaharing uri'y biktima rin ng laganap at matinding pasistang karahasan. Ilan sa mga prominenteng biktima sina Arsobispo Romero ng El Salvador at lider-oposisyonistang si Benigno Aquino Jr. ng Pilipinas.

## Pagkakaiba-iba

Sa kabilang dako, ang iba't ibang kilusan para sa pambansang pagpapalaya ay inilulunsad sa magkakaibang kalagayan.

Di tulad ng sa Pilipinas, halimbawa, ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Burma, Thailand, South Africa at Namibia ay mayroong buo at malawak na kanayunang kahangganan pa ng bayang sosyalista o may progresibong gubyerno. Kaya nga ang kani-kanilang hukbong bayan ay nasa pusisyon para mas mabilis na makapagpundar ng mga baseng purok at may maaasahang matatag na likuran. Di rin nila gaanong problema ang pagtanggap ng materyal na tulong, laluna ng armas, mula sa labas. Dagdag pa, nasa kanila ang pisikal na kalagayan para tuwirang magtulungan, tulad ng ginagawa ng mga rebolusyonaryo sa South Africa at Namibia.

May partikularidad pa rin ang pakikibaka ng mamamayan sa dalawang bayang huling nabanggit. Malaking mayorya sa kanila ay Itim. Di lamang sila pinagsasamantalahan ng monopolyong kapital, dinadahas pa sila ng rasismo ng gubyernong Puti ng South Africa--ang kanang kamay ng US sa dakong iyon ng Aprika.

Alinsunod sa patakarang apartheid sa South Africa, walang karapatan ang mga Itim--80 porsyento ng populasyon--na lumahok sa buhay-pulitika at magmay-ari ng propyedad, at inaapi pa rin sila sa ibang paraan. Kinokonsentra sila sa mga "bandustan" na mas masaklaw na bersyon lamang ng istratehikong paghahamlet na ginawa ng US sa Vietnam.


Ang rasistang rehimen sa South Africa ang siya ring humahadlang sa pagkakamit ng independensya ng mamamayan ng kalapit-bayang Namibia. Garapalan ang iligal na okupasyon ng South Africa sa Namibia, gayong matagal nang itinataguyod ng Mga Bansang Nagkakaisa ang karapatang magsarili ng mamamayan doon.

Ang apartheid at iligal na okupasyon sa Namibia ay pinapakinabangan ng imperyalismong US dahil pangunahing ginagamit nito ang rehimen sa South Africa para sugpuin ang mga kilusang mapagpalaya sa rehiyon at guluhin ang mga progresibong gubyerno sa mga kalapit-bayang Angola, Mozambique at Zimbabwe.

Naiiba rin ang kalagayan ng may apat na milyong mamamayang Palestino. Sa aktibong pagtulong ng US, naitaboy sila ng Zionismong Israel mula sa sariling bayan at naobligang ipagpatuloy mula sa katabing mga bayan ang pakikibaka para mabawi ang lupang tinubuan. Nagdulot ito ng mga kumplikasyon at dagdag na kahirapan sa buhay at pakikibaka nila.

Samantala, kaharap ng mga taga-Kanlurang Sahara ang tuwirang pananakop ng katabing bayan ng Morocco (sa hilagang Aprika). Sa panunulsol ng US, ipinasa ng Spain ang dating kolonya sa Morocco sa kabila ng paggigiit ng kasarinlan ng mga mamamayan sa pamumuno ng Prenteng Polisario. Sa timog naman ng Pilipinas, sinakop ng papet na rehimeng militar sa Indonesia ang East Timor matapos ideklara ng mamamayan, sa pamumuno ng Fre-

# Larangan ng mga PAKIKIBAKANG MAPAGPALAYA




telin, ang kanilang kasarinlan sa kolonyalismong Portugal. Sa dalawang kasong ito'y tuwirang kalaban ng mga kilusang mapagpalaya ang mga rehimen sa malakolonyal at malapyudal na kalapit-bayan, at ang imperyalismong US na nagmamando sa mga rehimeng ito.

## Kasarinlan, demokrasya

Pangunahin sa programa ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya ang paggigiit sa pambansang independensya at demokrasya--ang pagwawakas ng dominasyon at kontrol mula sa dayuhan, at pag-angkin ng mga karapatan sa pulitika, ekonomya't lipunan ng nakararaming mamamayan. Mahalagang bahagi ng ganitong programa ang paglutas sa suliranin ng uring magsasaka, pagbubuo ng ekonomyang umaasa sa sarili, at pagkilala sa pantay na karapatan ng mga minoryang nasyonalidad.

Sa pagsusulong ng kani-kanilang pakikibaka, ginagamit ng mga kilusang mapagpalaya--nasa pamumuno man o hindi ng partidong Markista-Leninista--ang magkatuwang na sandata ng armadong pakikibaka at nagkakaisang prente. Matutukoy, kaugnay nito, ang mga karanasan ng Prenteng Paramundo Marti para sa Pambansang Pagpapalaya sa El Salvador at ng Organisasyon para sa Pambansang Pagpapalaya ng Palestine (PLO) sa pagbubuklod ng iba't ibang armadong organisasyon sa pagkilos na kapwa koordinado at independyente.

Mahalagang sangkap din sa pagsusulong ng makatarungang pakikibaka ang pagpupursiging mobilisahin ang lahat ng positibong pwersa sa daigdig. Matingkad ito sa pakikibaka ng mga Palestino sa pamumuno ng PLO, na may mapagkaibigan at diplomatikong relasyon sa iba't ibang bayan at pampulitikang pwersa sa mundo.

## Pagkakapatiran

Ang lumalaking banta ng puspusang gerang mapanalakay ng US sa El Salvador, ang pananalasa at pagtutulungan ng mga pasistang rehimen sa pagsugpo sa mga kilusang mapagpalaya (halimbawa, ang magkasanib na operasyong militar ng Thailand at Malaysia laban sa mga rebolusyonaryong pwersa), ang agresibong paggampan ng rasistang rehimeng Puti sa South Africa at ng Zionistang rehimen sa Israel bilang mga kanang-kamay ng US, ay pawang mga manipestasyon ng desperadong pagtatangka ng mga imperyalista na sagkaan ang makatarungang pakikibaka ng mamamayan sa mga kolonya at malakolonya.

Mapagpasya at pangunahin ang puspusan at independyenteng pakikibaka ng mga mamamayan para makamit ang tagumpay sa sariling bayan. Subalit di matatawaran ang napakahalagang tulong na kaya at dapat ibigay sa isa't isa ng mga kilusang nakikibaka sa parehong kaaway. Magkakapareho ang mga hangarin nila, magkakahawig ang mga karanasan. Ang bawat isa'y may matututunan sa iba, at may maiaambag na tulong--moral, pampulitika't materyal.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong Pilipino na aktibong pahigpitin at gawing mabisa ang pakikipagtulungan sa mga kapatid na mamamayan sa buong daigdig. Ipinapahayag ng pagkakapatirang ito ang proletaryong internasyonalismo na gagapi sa imperyalismo, at magtatayo ng bagong mundong mapayapa, masagana't makatarungan.




telin, ang kanilang kasarinlan sa kolonyalismong Portugal. Sa dalawang kasong ito'y tuwirang kalaban ng mga kilusang mapagpalaya ang mga rehimen sa malakolonyal at malapyudal na kalapit-bayan, at ang imperyalismong US na nagmamando sa mga rehimeng ito.

## Kasarinlan, demokrasya

Pangunahin sa programa ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya ang paggigiit sa pambansang independensya at demokrasya--ang pagwawakas ng dominasyon at kontrol mula sa dayuhan, at pag-angkin ng mga karapatan sa pulitika, ekonomya't lipunan ng nakararaming mamamayan. Mahalagang bahagi ng ganitong programa ang paglutas sa suliranin ng uring magsasaka, pagbubuo ng ekonomyang umaasa sa sarili, at pagkilala sa pantay na karapatan ng mga minoryang nasyonalidad.

Sa pagsusulong ng kani-kanilang pakikibaka, ginagamit ng mga kilusang mapagpalaya--nasa pamumuno man o hindi ng partidong Marxista-Leninista--ang magkatuwang na sandata ng armadong pakikibaka at nagkakaisang prente. Matutukoy, kaugnay nito, ang mga karanasan ng Prenteng Faramundo Marti para sa Pambansang Pagpapalaya sa El Salvador at ng Organisasyon para sa Pambansang Pagpapalaya ng Palestine (PLO) sa pagbubuklod ng iba't ibang armadong organisasyon sa pagkilos na kapwa koordinado at independyente.

Mahalagang sangkap din sa pagsusulong ng makatarungang pakikibaka ang pagpupursiging mobilisahin ang lahat ng positibong pwersa sa daigdig. Matingkad ito sa pakikibaka ng mga Palestino sa pamumuno ng PLO, na may mapagkaibigan at diplomatikong relasyon sa iba't ibang bayan at pampulitikang pwersa sa mundo.

## Pagkakapatiran

Ang lumalaking banta ng puspusang gerang mapanalakay ng US sa El Salvador, ang pananalasa at pagtutulungan ng mga pasistang rehimen sa pagsugpo sa mga kilusang mapagpalaya (halimbawa, ang magkasanib na operasyong militar ng Thailand at Malaysia laban sa mga rebolusyonaryong pwersa), ang agresibong paggampan ng rasistang rehimeng Puti sa South Africa at ng Zionistang rehimen sa Israel bilang mga kanang-kamay ng US, ay pawang mga manipestasyon ng desperadong pagtatangka ng mga imperyalista na sagkaan ang makatarungang pakikibaka ng mamamayan sa mga kolonya at malakolonya.

Mapagpasya at pangunahin ang puspusan at independyenteng pakikibaka ng mga mamamayan para makamit ang tagumpay sa sariling bayan. Subalit di matatawaran ang napakahalagang tulong na kaya at dapat ibigay sa isa't isa ng mga kilusang nakikibaka sa parehong kaaway. Magkakapareho ang mga hangarin nila, magkakahawig ang mga karanasan. Ang bawat isa'y may matututunan sa iba, at may maiaambag na tulong--moral, pampulitika't materyal.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong Pilipino na aktibong pahigpitin at gawing mabisa ang pakikipagtulungan sa mga kapatid na mamamayan sa buong daigdig. Ipinapahayag ng pagkakapatirang ito ang proletaryong internasyonalismo na gagapi sa imperyalismo, at magtatayo ng bagong mundong mapayapa, masagana't makatarungan.

# BIGO! Kasaysayan ng isang pakanang impiltrasyon

"Lipulin ang Rebolusyonaryong Pilipino" (LRP) ang hambog na pangalang ibinigay ng Serbisyo ng Paniniktik ng AFP (ISAFP) sa operasyon nitong impiltrahin ang rebolusyonaryong kilusan sa hangganang purok ng Quezon-Bikol. Ngunit ang mga impiltrador ang nadurog, hindi ang rebolusyonaryong kilusan.

Sinimulan ng kaaway noong 1977, layunin ng "LRP" na makapagpuslit ng mga ahente at mula rito'y makapagbuo sila ng sariling lambat na makapaniniktik, makapanggugulo at makakapanabotahe mula sa loob ng Partido, hukbong bayan at mga organisasyong masa. Ginawang bahagi ito ng paghahanda para sa proyektong "Oplan Cadena de Amor" na inilunsad noong 1981 [AB, Setyembre 1982].

Ang mga ahenteng magpapasimuno sa operasyon ay nirekluta ng ISAFP mula sa mga tagahangganang-purok na naging treyni o sundalo ng Philippine Army. Karamihan sa kanila'y kabataang walang trabaho at ang ilan ay nakapag-aral sa kolehiyo. Matapos silang kumbinsihin at sanayin, pinabalik sila ng ISAFP sa kani-kanilang baryong pinagmulan.

Maihahanay sa dalawang tipo ang mga impiltrador: ang deep penetration agent (DPA) at ang action agent (AA). Pangunahing nagdidiin ang mga DPA sa pag-iispya, paglalatag ng lambat ng operasyon at lihim na pananabotahe. Pagsusumikapan nilang makapagtagal sa abot ng makakaya, para makaabot sa marami-raming organo.

Ang mga AA naman ay nag-iispesyalisa sa pagpatay (sabay takas) sa mga namumunong kadre. Maaari ring bumanat ang mga DPA kung di mabibisto.

## Paano sila nakapuslit

Habang naghihintay ang mga impiltrador sa pagdating ng rebolusyonaryong kilusan sa kanilang lugar, pumustura silang disgustado sa gubyerno at nais na umanib at lumahok sa rebolusyon. Kayat sila ang unang-unang mga taong nakadaupang-palad ng mga kasama pagdating doon. Bunga nito, kaagad silang naisama sa mga grupong tagapag-ugnay at pang-organisa.

Dahil sa ipinakitang sigasig sa pagkilos, marami sa kanila ang nakapasok sa mga sangay ng Partido kahit mababaw pa ang nagagawang pagsusuri sa kanilang katauhan. Noong 1980, tatlo sa mga DPA ang nakagapang sa loob ng sentrong grupong pangkonsolida nang di na dumaan sa sangay ng Partido. Mula noon, lumarga na ang pagbubuo nila ng lambat sa lugar.

Madali nang nagawa ang iba pang sari-saring palusot at pakana. Nakapasok sa Partido ang ilan batay sa rikumendasyon ng mga naunang impiltrador sa sangay. Ang iba, lalo ang di nakayanang magpanggap na nasa pamantayan silang magpultaym o maging isang Pulang mandirigma, ay gumawa ng paraan at nagpalabas na pinaghahanap na ng kaaway para agad makasampa. Mga halimbawa ng mga paraang ito ang kunwaring kubkob ng kaaway sa kanilang bahay, kunwaring pagpapaagaw ng armas mula sa kampo ng kaaway, at pagkekwentong sila'y "hinuli pero nakatakas." Naipasok ang ilan sa mga yunit gerilya at ang iba'y naisama-sama ng mga kadre sa paligid sa ilang baryo. May nakapasok naman sa ilang grupong sektoral.

Minsang nakapasok, dinikitan na nila ang mga kadre at Pulang mandirigma, laluna ang mga baguhan, may hinanakit sa pamunuan, may problema sa pamilya, kasintahan o kalusugan at ang mga may kamag-anak sa kaaway. Pinalalakas nila ang pesimismo ng mga ito at pinagdududa sila sa tagumpay ng rebolusyon. Nanunuhol din sila ng pera, damit at relo.

Ang mga tumanggi sa anyaya nilang mag-ispya ay binabantaang huwag magsusumbong at magpapalipat ng gawain o lugar.

Ginamit din nila ang kanilang pagiging "kasama" para magrekluta ng mga impormer mula sa masa. Ang ilan sa mga di pumayag ay kanilang pinatay at pinaratangang mga kriminal.

Ang mga namumunong impiltrador ay nagbuo ng kani-kanilang linya ng komunikasyon sa lahat ng iba pa. Madalas silang umangkas sa sistema ng komunikasyon ng kilusan. Naitayo din nila ang mga poste't kuryer na may diretsong ugnay sa kanilang kampo.

## Binisto ang sarili

Sumunod na taon, nagkamali ng kalkula ang isang namumunong DPA nang ipagtapat niya sa isang kasama na inalok siyang mag-ispya ng kaaway. Pagkakataon ito, aniya, para impiltrahin ng kilusan "ang kabila." Katunayan, ang kwento niya ay naglalayong takpan ang pagkontak sa kanyang mga amo.

Nang mailulat ito sa mga responsableng kadre, agad tinutukan ng pansin ang impormasyon. Ang matalas na pagsusuri ay sinundan ng maagap na aksyon. At nagsi-

mulang matunton ang lambat ng mga impiltrador. Natukoy ang iba pa sa masusing pagsusuri sa kanilang kasaysayan at rekord sa pagkilos. Sunud-sunod nang nalantad ang marami pang iba dahil sila rin ang nagtuturo sa isa't isa.

Nadiskubre rin ang kanilang mga krimen: Pinigil nila ang pagpapatupad ng programa sa reporma sa lupa at pinalala ang mga problema ng mga grupong pang-organisa; pinabayaan nila ang pagbibigay ng pampulitikang edukasyon sa masa at nilabag ang mga atas sa kampanyang propaganda; binigo nila ang maraming taktikal na operasyon ng ilang yunit gerilya; at maraming beses na naipakubkob nila ang konsentrasyon ng namumunong mga organo ng Partido't hukbong bayan. Nasawi ang isang Pulang mandirigma sa isa sa mga kubkob na ito. Itinago o kaya'y pinagsisira nila ang saku-sakong rebolusyonaryong babasahin at pahayagan.

Dagdag pa, matingkad ang liberalismo nila sa gawain at sarili at may masamang aktitud sa punahan. Maluwag sila sa siguridad, malimit lumabag sa disiplina, at nagpamalas ng "labis na tapang."

Pagkatapos ng organisado't masinop na imbistigasyon, ang mga napatunayang maysala ay pinarusahan ayon sa bigat at tindi ng kasalanan, at sa sugid sa pag-iispya. Marami rin ang umamin at sumumpang magbabago. Buung-buong nagbigay ng mahahalagang impormasyon ang lahat ng matiyagang hinimok at mahusay na pinakitunguhan. Pinatawad ang mga magagaang ang kasalanan, at ang iba'y pinalipat ng tirahan para hindi mapaghigantihan ng kaaway.

Gayundin, ang organisasyon ng Partido sa rehiyon ay nagtasa ng kabuuang kalagayan sa siguridad, at naglunsad ng paglalagom sa buong karanasan.

Bigung-bigo ang pakana ng kaaway. Hindi nadurog ang Partido't hukbong bayan. Napanis ang mga impormasyong nakuha ng mga ispya. Di rin nakabanat ang mga AA dahil pinanghinaan sila ng loob. Kagyat na nakapangalaga ang rebolusyonaryong pwersa bago pa man nakarating sa rehiyon ang mga tropa ng kaaway para sa "Oplan Cadena de Amor" (nasa Mindanaw pa noon ang ilang batalyong itinalaga dito nang madurog ang lambat ng impiltrasyon).

**Mga aral**

Ang pakanang impiltrasyon ay naganap sa panahong ikinakampanya ang maramihang pagrerekluta sa Partido't hukbong bayan. Sa pagsusuma, pinagtibay na wasto ang panawagan at idiniin na kailangan lamang tiyakin na nasa tamang pamantayan ang bawat gagawing kasapi, pultaymer o Pulang mandirigma. Ang angkop na pagpapakilos, kumpletong pagsisiyasat at tuluy-tuloy na pagsubaybay sa pag-unlad nila ang prosesong nagsasala sa mga di kanais-nais na elementong nagtatangkang makapuslit sa loob.

Kailangan ding harapin ang puspusan at lahatang-panig na konsolidasyon kahit kabubuo pa lang ng mga organo ng Partido o yunit ng hukbong bayan. Dahil, kung mayroon mang makalusot na impiltrador, hindi agad sila mahahalata kapag napapabayaan ng Partido ang pagtupad sa saligang mga gawain, lalung-lalo sa gawain sa ideolohiya, kapag malakas ang liberalismo at mahina ang disiplina at kolektibong pagkilos, at kapag matagal na di nalulutas ang mga suliranin sa organisasyon.

Gayundin, inaasahan ng Partido sa bawat kasapi na pangalagaan ang siguridad tulad ng pangangalaga sa sariling buhay. Kailangan pang paunlarin ang istilo ng pagkilos na laging ligtas at maingat--paggamit at pagpapahusay ng sistemang koda, paglilimita ng impormasyon (lalo kung taktikal at panloob) sa mga kinauukulan, paglilimita sa pag-uugnayan ng mga kolektiba't kasama ayon



sa pangangailangang pampulitika't pang-organisasyon, at pagmamatyag sa mga kundisyong lumilikha ng kaluwagan sa siguridad.

Dagdag pa, kailangang kagyat na tasahin at baguhin ang kamalian o kakulangan sa siguridad tuwing may ganitong mga tunguhin. Sa pana-panahon, dapat suriin ang katayuan ng pwersa't kadre, di lamang para sa pangangailangang pansiguridad, kundi para rin sa tuluy-tuloy na pagsasanay nila at pagmamaksimisa sa kanila. Dapat ding maingat na siyasatin ang mga dating kumilos at mga napasakamay ng kaaway bago muling tanggapin sa organisasyon.

Walang lugar sa isang malusog na Partido ang mga impiltrador. Gayunman, dapat lagi pa ring maging alisto sa mga bagong pakana ng kaaway habang walang lubay na pinahihigpit ang pagkakaisa sa ideolohiya, pulitika't organisasyon na siyang matibay na batayan ng lubos na pagtitiwalaan ng buong rebolusyonaryong pwersa. ●

BALITA

## Mayo 1

Umalingawngaw ang sentro ng Maynila sa militanteng mga panawagan sa pakikibaka nang idaos ng mga organisadong manggagawa ang pinakamalaking raling pang-Mayo 1 sa ilalim ng pasistang paghahari.

Mahigit 60,000 ang tumugon sa panawagan sa kanilang "Manggagawa, magkaisa! Ipagtanggol ang uri, ipaglaban ang Inangbayan!" Umaga pa'y nagmamartsa na patungo sa Liwasang Bonifacio ang makakapal na hanay ng demonstrador na nagmula sa limang magkakahiwalay na lugar sa Metro Manila. Nagsanib sa dalawang malalaking martsa ang mga ito, na matalinghagang nagsalubong sa gitna ng mapanlabang pagbubunyi ng lahat.

Ang rali ay pinamunuan ng Kilusang Mayo Uno at Pambansang Koalisyon ng Manggagawa Laban sa Kahirapan. Lumahok din ang National Federation of Labor, Federation of Free Workers, Solidarity at National Association of Trade Unions, bukod sa mga organisasyong sektoral at multisektoral.

Sa kanilang mga talumpati, kinondena ng mga tagapagsalita ang panunupil ng pasistang estado sa piketlayn ng manggagawa, iginiit ang karapatang magwelga, inilahad ang pangangailangang itaas ang pasahod, tinuligsa ang sabwatan ng imperyalismong US at rehimeng Marcos na nasa likod ng laganap na paghihirap ng taumbayan, at ipinaliwanag kung bakit kailangang iboykot ang "eleksyon" ng diktadura.

Dumalo rin at nagpahayag ng mapagkapatid na tangkilik ang mga delegasyong obrero mula sa Australia, New Zealand, US, Canada at Japan.

Sa probinsya, nagkaroon ng mga rali sa Mariveles (Bataan) na dinaluhan ng 6,000; Calamba (Laguna), 5,000; at iba pang lugar. ●

## MNLF

Boykot sa "eleksyon" sa Batasang Pambansa noong Mayo 14 ang panawagan ng Komiteng Rebolusyonaryo ng Ranao Norte (Lanao del Norte) ng Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro (MNLF), sa pahayagan nitong Suwarah Moro.

"Ang bawat balota ng lumalahok na mga Moro ay katumbas ng isang balang gagamitin ng rehimen laban sa mismong mga Moro," anang komite sa isang pahayag. Idinagdag na "armadong pakikibaka para sa pambansang paglaya ang tanging sagot" sa mithiing makabansa ng mamamayang Moro. ●

## Tumitindi

Higit pang pinipiga ng kapitalista ang mga manggagawa habang tumitindi ang krisis sa ekonomya.

Noong Enero at Pebrero 1984, ang karaniwang produksyon ng manggagawa sa pabrika ay tumaas nang 27.8 porsyento kung ihahambing sa porsyento noong Pebrero 1983.

Pero 22 porsyento lamang ang naging karaniwang pagtaas ng sahod noon ding panahong iyon. Nitong Mayo 1, ginamit na naman ni Marcos ang kanyang "kapangyarihang pangkagipitan" para itaas daw ang minimum na sahod. Iyon pala'y itututing lang na kasama ng batayang sahod ang anumang alawans na tinatanggap na. Kaya, wala rin talagang pagtaas.

Sa kabilang banda, nakakahilo ang pagmahal ng mga bilihin nitong nakaraang mga linggo. Araw-araw nang tumataas ang presyo, madalas pang mawala sa mga tindahan ang pangunahing mga bilihin. Sa Metro Manila noong Pebrero, ang implasyon o pagtaas ng gastos sa pamumuhay ay umabot na ng 40 porsyento (36.6 por-

syento sa buong Pilipinas)--ang pinakamalaking pagtaas mula 1946.

Mabilis na nawawalan ng halaga ang pera. Noong Pebrero, ang piso ay katumbas na lamang ng 39 sentimos noong 1978 sa Metro Manila. Pumapalo na nang husto ang buong epekto ng debalwasyon noong Oktubre at ang pagkasaid ng dolyar na ipinambabayad sa abrod. Nagpamura rin sa halaga ng piso ang pagwawaldas ng rehimen para sa nakaraang "eleksyon." ●

INTERNASYONAL

## Araw ng Paggawa

Ipinagdiwang ng mga nagtatrabahong mamamayan ng daigdig ang Araw ng Paggawa, na unang ginunita noong 1889.

Sa Chile, nagrali ang mahigit 150,000 mamamayan para pagbitiwin si Presidente Augusto Pinochet at igiit ang pagbabalik sa demokrasya. Libu-libo namang taga-Honduras ang nagmartsa para igiit na umalis sa bayan nila ang mga tropa ng US at kondenahin ang matinding pasistang panunupil.

Naglunsad naman ng isang-araw na pangkalahatang welga ang mga manggagawa sa Greece. Sa Spain, malakihang mga martsa ang idinaos sa Madrid at Bilbao. Naging okasyon naman ito sa Hungary para magdaos ng mga porum sa pagitan ng mamamayan at upisyal ng gubyerno. Nagkaroon din ng mga parada sa kabisera ng Soviet Union, Cuba at East Germany. ●

## Brazil

Milyun-milyong mamamayan ng Brazil ang humugos sa lansangan kamakailan para igiit ang ilang saligang pagbabago sa Konstitusyon, kabilang ang pagkakaroon ng tuwirang eleksyong presidensyal. Tampok sa dalawang linggong pagkilos nila ang martsa ng 1.5 milyong tao sa Sao Paulo, pinakamalaking syudad doon.

Matigas ang reaksyon ng gubyernong militar ni Hen. Figueiredo. Nagdeklara ito ng 60-araw na kalagayang pangkagipitan (batas militar sa aktwal) at tiniyak na di makapasa sa kontroladong Konggreso ang pagbabagong hinihingi ng taumbayan.

Ang paglakas ng kilusang masa laban sa rehimeng militar na umupo sa kapangyarihan noong 1964 ay ginagatungan pa ng malubhang krisis sa ekonomya. Ang Brazil ang may pinakamalaking utang panlabas sa daigdig ngayon. ●

## Dominican Republic

Marahas na sinupil ng papet na rehimeng pasista sa Dominican Republic ang pagpoprotesta ng libu-libong taumbayan noong Abril laban sa huling pagtataas ng gubyerno sa presyo ng mga bilihin.

Sa kasagsagan ng mga aksyong protesta, sinona ng mga tropa ng gubyerno ang mga komunidad ng mahihirap sa kabisera at apat pang syudad. Mahigit 40 ang napatay, may 100 ang nasugatan at 300 ang inaresto ng mga otoridad. Ipinasara ang lahat ng paaralan at unibersidad, at isang istasyon ng radyo.

Ang pagtataas ng presyo, laluna ng inaangkat na pagkain at gamot, ay isa sa mga kundisyon ng International Monetary Fund (IMF) para aprubahan ang bagong palugit ng pagbabayad sa $800 milyong utang ng gubyerno sa Dominican Republic. ●

## Bolivia

Naglunsad ng tatlong-araw na pangkalahatang welga ang mga manggagawa sa Bolivia bilang pagtutol sa 75 porsyentong debalwasyon ng piso at kasunod nitong programang "paghihigpit ng sinturon" ng pamahalaang Suazo.

Tulad din ng sa Dominican Republic, ang mga hakbanging ito'y inireseta ng IMF para diumano'y muling makuha ng gubyerno ang kumpyansa ng dayuhang mga bangko. ●

## Superganansya

Nananatiling mahina ang paglago ng produksyon, matumal ang benta, at mataas ang tantos ng implasyon at disempleyo sa US noong 1983. Ang bago lamang ay ang mas malaking ganansyang itinala ng 500 pinakamalalaking korporasyon doon.

Ang $69 bilyong kabuuang ganansya ng naturang mga korporasyon ay mataas nang 12 porsyento kaysa ganansya noong 1982. Nakamit ito sa pamamagitan ng pagpapatalsik sa may 310,000 manggagawa at pagtataas sa presyo ng kanilang mga produkto.

Tumubo nang husto ang mga empresang nagmamanupaktura ng mga kagamitang pandigma at sasakyan pero nalugi ang mga empresang nasa industriya ng bakal at makinarya. ●

### Tungkol sa ekonomya sa Kordilyera

(Tumanggap ang AB noong 1983 ng komentaryo mula sa isang kasama tungkol sa artikulong naglalarawan sa ekonomyang pampulitika sa kabundukang Kordilyera ["Kapos sa lupa, kapos sa kabuhayan," Nobyembre 1982]. Sumusunod ang pinaikling bersyon ng komentaryo. Kahit matagal nang lumabas ang nabanggit na artikulo, sa palagay namin ay angkop pa ring ihapag ang komentaryo, sa diwa ng pagpapasigla sa mga diskusyong ukol sa importanteng mga kwestyon sa rebolusyonaryong teorya at praktika. Mangyari pa, ang opinyong nakasaad dito ay opinyon ng kasama at hindi ng istap ng AB.)

Maraming inilarawan sa artikulo na nagbibigay ng inspirasyon, gaya ng paglago ng mga kooperatiba, mas matingkad na komitment sa pakikibaka, at iba pa. Gayunpaman, may mga punto na di nakadagdag sa pangkalahatang pagsusuri dahil sa ilang aspeto'y may maling pagdidiin, may kakulangan sa pananaliksik sa ibang aspeto, at sa ilang kaso naman, may maling paglalahad sa kasaysayan. Isa-isahin natin ang tampok sa mga ito.

1. Sinabi sa artikulo na noong simula, ang mga payaw ay minay-ari ng buu-buong mga komunidad sa isang sistemang primitibong komunal.

Sa ganoon kahirap na kapaligiran, ang paggawa ng mga payaw at pagtatanim dito ay nakabatay sa malakihang pagtitipon ng lakas-paggawa at malakihang pagkakaroon ng lupa. Mahirap makita kung paano makakayanan ng sistemang primitibong komunal ang gayong pangangailangan at kaakibat na epekto. Walang ebidensyang nagpapatunay sa primitibong komunalismo noong araw sa Kordilyera na kaiba pa sa primitibong komunalismo ng mga Tagalog, halimbawa (na kung napag-uusapan ma'y bihira). Di man sinasadya, [ang pagdidiin sa primitibong komunalismo sa Kordilyera] ay sumusuporta sa maling paniniwala na bago dumating ang kolonyalismong Espanyol ay magkahiwalay ang kasaysayan ng mga Pilipinong nasa bundok at nasa patag, at nagpapalakas sa sobinistang pananaw na "primitibo" ang mga tagabundok. Noong umpisa ng kolonyal na paghaharing Espanyol, malakomunal at malaalipin ang kalakaran sa Gitnang Kordilyera. Ang mga payaw ay minay-ari ng mga grupo ng magkakamag-anak, at komunal naman ang mga kagubatan.

2. Sinabi sa artikulo na ang Kordilyera ay di gaanong naapektuhan ng sistemang pyudal na pinairal ng kolonyalistang rehimeng Espanyol na di talaga nakapaghari doon.

Di lamang sa tuwirang dominasyon pwedeng impluwensyahan ng kolonyalismong Espanyol ang lipunan sa Kordilyera. Naroroon ang mahigpit na ugnayan ng mga taga-Kordilyera at mga tagapatag, halimbawa'y sa kalakalan. Kailangan ng mga tagabundok ang mga kagamitang bakal na nagmumula sa patag, at pinahahalagahan nila ang mga gusi, plato at abaloryo na nagmumula sa labas ng rehiyon at sa labas pa nga ng Pilipinas. May mga kalakal naman ang mga taga-Kordilyera, tulad ng ginto, pulot, uway, palay, hayop at iba pa, na may sapat na halaga para ipagpatuloy ang gayong kalakalan. Ang pag-unlad ng kalakalan ay humantong sa ibayong ispesyalisasyon ng mga nagtatanim, nagmimina, nag-aalaga ng hayop at iba pa. Sa ilang lugar, naging ispesyalisasyon ang pangangalakal mismo.

3. Sinabi sa artikulo na unang nagkaroon ng pagbabago sa likas na ekonomya ng Kordilyera nang pumasok ang kolonyalismong US.

Matagal nang nawala ang ekonomyang independyente, hiwalay at di kolonyal nang pumasok ang mga Amerikano sa Kordilyera. Ang ekonomyang kolonyal at ekonomyang <u>cash</u> (batay sa salapi) ay dinala doon noong panahon ng paghaharing Espanyol, at di US. Gayunman,

nagkaroon nga ng bagong antas ng pagsasamantala at kontrol na pang-ekonomya't militar nang maghari ang US.

4. Sinabi sa artikulo na lumiliit pa ang mga lupang nabubungkal na dati nang di sapat, at lumiliit din ang ani dahil sa pangangamkam ng lupa at atrasadong mga paraan ng pagsasaka.

Iba-iba ang kalidad at laki ng bukirin sa iba-ibang lugar at iba-iba rin ang ani. Siguradong magkakamali tayo sa kalkula kung hindi kekwentahin ang mga kaingin, kahuyan at gubat na pawang pinagkukunan din ng kabuhayan. Hindi pribadong ari-arian ang mga ito at mabubuhay dito kahit ang pinakamahihirap na pamilya. Hindi rin totoo na minsan lang sa isang taon ang ani; dapat isaalang-alang na umaani rin mula sa mga kaingin, at sa ilang lugar ay malinaw na dalawang beses umaani sa isang taon. Isa pa, dahil ang ekonomya nila'y marginal o hindi lubos na nakapaloob sa mas malaking kalakarang pang-ekonomya, mas garantisado pa nga ang pagkain nila kaysa mayorya ng mga Pilipino. Mali ring sabihin na malapit nang bumagsak ang ganitong sistema ng pagsasaka; [ang totoo'y] namimiligrong mayurakan ito minsang ipatupad ang bagong mga proyekto ng gubyerno.

5. Sinabi sa artikulo na sa pagtatayo ng mga kooperatiba'y nagkakaroon ng mas maraming panahon para sa ibang mga gawain.

Sa pagbubuo ng bagong programa sa rehiyon, dapat nating isaalang-alang nang husto ang mga tradisyunal na konsepto ng kooperasyon sa produksyon, pagtatanim ng punong-kahoy, irigasyon at iba pa. Dapat din nating bigyan ng sapat na konsiderasyon ang pisikal na trabahong kailangan para sa produksyon at sa pagmimintina ng mga payaw, dahil hindi maaaring basta bawasan ang oras ng paggawa.

Iminumungkahi na maging artikulo sa AB ang sumusunod na mga paksa tungkol sa Kordilyera at mga pambansang minorya: pambansang kaapihan, kapabayaan ng gubyerno, kasaysayan ng pang-aabusong militar mula panahon ng mga Espanyol hanggang ngayon, papel ng mga lokal na kolaboreytor at aktitud natin sa kanila, importansya ng ekonomyang batay sa salapi, at mga pagbabago't paglawak ng mga pangangailangan at mithiin na dulot ng pagpasok ng ekonomyang ito.

Ka John

---

## Pagtutuwid

1. Sa artikulong lumabas sa AB noong Marso 1984 ("Mahabang martsa tungo sa tagumpay"), may isang pangungusap na maaaring magkaroon ng maling kahulugan: "Taliwas sa maling mga palagay na ito, ipinakita ng mulat na mamamayan ang kanilang determinasyong wakasan ang pasistang diktadura sa pamamagitan ng sariling pagsisikap at di sa pagsisikap ng mga reaksyonaryong naghaharing uri." [p. 4] Maaaring akalain, batay dito, na may pagsisikap nga ang mga reaksyonaryong naghaharing uri na wakasan ang diktadura.

Kaya, ang tumpak na sabihin ay: "...sa pamamagitan ng sariling pagsisikap, nang di umaasa sa mga reaksyonaryong naghaharing uri." Dagdag pa, ang kasunod na pangungusap ay dapat magsimulang ganito: "Kayat ang Lakbayan...."

2. Sa artikulo namang lumabas noong Abril 1984 na ang pamagat ay "Sa kanila ang kinabukasan," hindi eksakto ang pagkakasipi sa sinabi ni Kasamang Mao sa kabataan [p. 17]. "Sa inyo ang daigdig," aniya, [at hindi: "sa inyo ang kinabukasan"] "at sa amin din naman. Subalit kung tutuusin ay sa inyo. (....) Sa inyo nauukol ang daigdig. Sa inyo nauukol ang hinaharap ng China."

3. Sa artikulong "Pakana ng diktadura, binigo ng boykot!" [AB, Abril 1984], ang talata sa p. 4 na nagsisimulang "Ang kahandaan ng malawak na masa na lubusang itakwil ang diktadura..." ay dapat sumunod sa talatang nagsisimulang "Kung sa mga eleksyon at sa Konggreso bago magbatas militar..." sa pahina ring iyon.